

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

MODYUL 1: MGA KUWENTO SA LIKOD NG AKDA AT PELIKULA

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School





**MGA KUWENTO SA LIKOD
NG AKDA AT PELIKULA**

**KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
MODYUL 1**

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 1: Mga Kuwento Sa Likod ng Akda at Pelikula

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hanggahan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Mga Kuwento Sa Likod ng Akda at Pelikula.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral sa iyong sariling pamamaraan at bilis ng pagkatuto. Hangad din nito na madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Kilalanin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Layunin

Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng maikling talakayan ukol sa aralin. Nilalayan nitong matulungan kang matuklasan at maunawaan ang mga bagong konsepto at kasanayan.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain, o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Linangin

Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tandaan Mo

Dito matatagpuan ang mga buod ng mga aralin sa modyul na ito.



Pagtataya

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Susi sa
Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Talahulugan

Ang bahaging ito ang nagbibigay ng impormasyon ukol sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa modyul na ito.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

NILALAMAN

Kilalanin	1
Subukin	3
ARALIN 1: Mga Elemento ng Kuwento	8
Layunin	8
Tuklasin	9
Suriin	10
Linangin	21
Isagawa	27
ARALIN 2: Mga Elemento ng Pelikula	31
Layunin	31
Tuklasin	32
Suriin	33
Linangin	42
Isagawa	46
ARALIN 3: Paghihinuha at Pagbibigay ng Wakas ng Kuwento	48
Layunin	48
Tuklasin	49
Suriin	52
Linangin	54
Isagawa	57

NILALAMAN

Tandaan Mo	63
Pagtataya	65
Susi sa Pagwawasto	68
Talahulugan	73
Sanggunian	75



MODYUL 1

KILALANIN

Kumusta ka na? Handa ka na ba sa panibagong yugto ng iyong pag-aaral? Narito ang inihandang modyul para sa iyo.

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang gabayan ka sa iyong patuloy na pagpapalawak ng iyong kaalaman at karanasan. Ang mga gawain ay pinili upang tiyak na aangkop sa iyong pangangailangan. Bawat aralin ay may mga gawain na magdudulot sa iyo ng kaalaman at lilingang sa iyong mga kasanayan. Inaasahan na habang isinasagawa mo ang mga gawain ay kagigiliwan mong ipagpatuloy ang pagsasakatuparan ng mga susunod pang bahagi nito.

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin. Ang mga ito ay ang sumusunod:

Aralin 1: Mga Elemento ng Kuwento


Aralin 2: Mga Elemento ng Pelikula

Aralin 3: Paghihinuha at Pagwawakas ng Kuwento

Bawat aralin ay binubuo ng mga gawain at pagtalakay na tutulong sa iyo habang pinag-aaralan ang bawat bahagi nito. Ang mga ito ay ginamit na mga materyal upang matamo mo ang mga inaasahang kasanayan o kompetensi.

MODYUL 1

Tunghayan natin ang pag-uusap ng magkakaibigan. Ano kaya ang kanilang pinag-uusapan?



Nais matutuhan nina Josh, Ermil at Gina ang mga elemento na bumubuo sa isang akda at pelikula gayundin ang paghihinuha ng wakas ng mga ito. Upang maisakatuparan ang kagustuhang ito, napagdesisyonan nila na bumili ng libro at manood ng pelikula na kanilang babasahin at panonoorin upang lubos na matukoy ang elemento na bumubuo rito.

Ano-ano ang mga matutuhan mo sa modyul na ito? Ang modyul na ito ay magbibigay sa iyo ng kakayahang maisagawa ang sumusunod:

- Nasusuri ang mga tauhan/tagpuan at mga pangyayari sa napanood na maikling pelikula. (LS1CS/FIL-PD-PPC-MT/JHS-8)
- Natutukoy o nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan at banghay) (LS1CS/FIL-PB-PPD-MB/MT-40)
- Nahuhulaan/ nahihinuha ang maaaring mangyari/ kahihinatnan ng mga pangyayari sa teksto/kuwento gamit ang dating karanasan/ kaalaman (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-49)
- Nakapagbibigay ng wakas sa nabasang kuwento (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-52)
- Nakasusulat ng buod/lagom ng binasa (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

2 MGA KUWENTO SA LIKOD NG AKDA AT PELIKULA



MODYUL 1

SUBUKIN

Batid ko na may ideya ka na sa modyul na ito. Subukin nating alamin kung ang iyong mga ideya ay tumutugon sa mga konseptong saklaw ng modyul. Simulan natin sa pamamagitan ng gawain na susukat sa lawak ng iyong kaalaman.

Panuto: Basahin ang kuwento at piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

SI MAE SA ARAW NG PASKO

NANETTE AMONGOL



Si Mae ay isang estudyante na hindi ipinanganak sa isang mayamang pamilya. Ayon pa nga sa kaniya, sapat na ang nakakakain sila ng tatlong beses sa isang araw at hindi sila nagkakasakit. Gayunpaman, si Mae ay hindi pinalaking maramot ng kaniyang mga magulang.

MODYUL 1

Tuwing araw ng Pasko, niyayaya ni Mae ang kaniyang mga matatalik na kaibigan na sina Jessa at Riza para mamigay ng regalo sa mga lugar na maraming bata at hirap sa buhay.

“Mae, ano ang dahilan mo bakit mo ginagawa ito?” tanong ni Jessa

“Malapit ang loob ko sa mga batang kagaya nila”, nagtaka naman ang dalawa niyang kaibigan sa kung ano ang kaniyang pinanghuhugutan sa kaniyang pahayag.


Habang sila ay pauwi na, napansin nina Jessa at Riza ang magkahalong saya at lungkot sa kaniyang mga mata.

“Aayos ka lang ba?” tanong ni Riza

“Aayos lang ako, masaya lang talaga na makatulong sa kapwa kahit hindi tayo ganoon kayaman, at least, alam nating nakapagpasaya tayo”, niyakap ng dalawa si Mae.

“Alam niyo, nais ko silang mapasaya dahil minsan ko nang naranasan ang maging kagaya nila at sa murang edad naranasan ko ang hamon ng buhay. Mabuti na lamang at umangat nang konti ang buhay namin at nakakapag-aral pa ako”

Hindi naka-imik sina Riza at Jessa sa narinig nila. Nagpatuloy si Mae sa pagsasalita at doon nila lubusang naintindihan ang kanilang kaibigan.



MODYUL 1

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel

1. Sino-sino ang mga tauhan sa maikling kuwento na iyong binasa?
 - a. Mae
 - b. Jessa
 - c. Riza
 - d. lahat ng nabanggit
2. Sino ang pangunahing tauhan sa maikling kuwento?
 - a. Mae
 - b. Jessa
 - c. Riza
 - d. mga magulang ni Mae
3. Tuwing kailan isinasagawa ni Mae at ng kaniyang mga kaibigan ang pamimigay ng regalo?
 - a. Bagong taon
 - b. Pasko
 - c. kaarawan
 - d. kasalan
4. Anong salitang paglalarawan ang babagay kay Mae batay sa maikling kuwento?
 - a. matapobre
 - b. matulungin
 - c. mapagmataas
 - d. lahat ng nabanggit
5. Anong parte ng maikling kuwento ang pangyayari na hindi nakaimik ang mga kaibigan ni Mae at nagpatuloy siya sa pagku-kuwento hanggang lubusang naintindihan ang kaniyang pinanggagalingan?
 - a. wakas
 - b. tauhan
 - c. akda
 - d. aral

MODYUL 1

6. Anong parte ng maikling kuwento ang pangyayari na ipinakilala si Mae bilang isang estudyante na hindi pinanganak na mayaman?
- a. wakas
 - b. simula
 - c. tagpuan
 - d. aral

Para sa mga tanong mula Blg. 7 hanggang Blg. 10: Panoorin ang isang bahagi ng pelikulang “Heneral Luna” na matatagpuan sa link na ito: <https://www.youtube.com/watch?v=PBT-qSm-gJs&t=8s>

Batay sa iyong napanood, sagutin ang sumusunod na tanong:

7. Ano ang angkop na salitang maglalarawan kay Heneral Luna?

- a. matapang
- b. mahigpit
- c. masiyahin
- d. a at b

8. Anong uri ng tauhan si Heneral Luna?

- a. antagonist
- b. protagonist
- c. tau-tauhan
- d. wala sa nabanggit

9. Anong panahon ang naging basehan ng tagpuan?

- a. panahon ng Espanyol
- b. panahon ng Amerikano
- c. panahon ng Hapones
- d. panahon ng Kupong-Kupong

10. Sa pelikulang napanood, alin ang higit na nagpatingkad sa kabuoan nito?

- a. tauhan, tagpuan, banghay
- b. tauhan at banghay
- c. banghay
- d. tauhan

MODYUL 1

Para sa Blg. 11 hanggang Blg.13 hulaan ang kalalabasan ng mga sitwasyon sa ibaba:

11. May mga dalang lumang damit at laruan si Gino nang pumasok siya sa paaralan. Sa oras ng recess, siya ay pumunta sa kinaroroonan ng Christmas tree sa kanilang paaralan. Doon ay may mga malalaking kahon.
12. Sina Jennica at Helen ay parehong nag-aaral magpatakbo ng bisikleta. Kaya naman pumunta sila sa isang lugar na walang masyadong dumaraang sasakyan. Sa hindi inaasahang pagkakataon, bigla na lamang nakarinig si Helen ng umiiyak na babae.
13. Si Markus ay masipag at matalinong mag-aaral. Nakikinig siyang mabuti sa kaniyang mga guro at lahat ng kaniyang takdang-aralin at proyekto ay ipinapasa niya sa tamang oras.

Para sa Blg. 14 at Blg. 15, basahin at ibigay ang maaaring maging wakas ng maikling kuwento na may pamagat na “Pamana” ni Nanette Amongol.

PAMANA NANETTE AMONGOL

Umaga pa lang ay ginising na ng kaniyang ama si Juancho, palagi kasi silang pumupunta sa bukid para mag-ikot at magpahangin. Isang araw, habang masaya silang nakaupo sa isang kubo, inakbayan siya ng kaniyang ama.

“Juancho, pagmasdan mo ang kabukiran” sabay ngiti nito habang nakatingin sa malayo.

“Hindi maipagkakaila, napakaganda at payapa” tugon naman niya.


“Ito ang tatandaan mo anak, mula ngayon magtratrabaho ka na sa sa kabukirang ito” iniabot ng kaniyang ama ang piko, salakot, at itak.



MGA ELEMENTO NG KUWENTO

Marami na tayong nababasang kuwento mula sa ating mga libro o hindi naman kaya sa *social media* kagaya ng *facebook*, *twitter*, at ang patok na patok sa mga kabataan ngayon na *wattpad* o ang elektronikong bersiyon ng *pocket books* na kinagigiliwan ding basahin ng karamihan. Ngunit sa kabila ng ating pagbabasa, marahil napapatanong din tayo kung minsan kung ano-ano ang mga bumubuo sa mga akda na ito. Kaya naman halina't tuklasin natin ang mga elemento ng kuwento at pagbuo ng lagom/buod.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Natutukoy o nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan at banghay ng mga pangyayayari) (LSI CS/FIL-PB-PPD-MB/MT-40); at

Nakasusulat ng buod/lagom ng binasa (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14).



ARALIN 1

TUKLASIN

Handa ka na ba?

Simulan nating pagyamanin ang iyong kaalaman at kakayahan sa mga elemento ng kuwento.

Panuto: Basahin at unawain ang kuwentong “Ano ang Nangyari kay Tagpi?” ni Nanette Amongol. Pagkatapos, sagutin sa iyong papel ang mga tanong sa ibaba.

ANO ANG NANGYARI KAY TAGPI?

NANETTE AMONGOL

Isang maaraw at maaliwalas na umaga, nagpasiya si Ben na makipaglaro sa kaniyang aso na si Tagpi. Kaya naman, dinala niya ito sa kanilang bakuran upang malawak ang kanilang lugar na mapaglalaruan.



Masayang binabato ni Ben ang kahoy upang kunin naman ni Tagpi at ibalik sa kaniya. Nang sa hindi sinasadyang pagkakataon, naibato ito ni Ben sa isang maputik na parte ng kanilang bakuran at nang bumalik si Tagpi sa kaniya, ikinagulat niya dahil tila hindi na makilala dahil sa putik na bumalot sa buong katawan nito.

Nagpasiya siya na paliguan ito kaya naman inihanda niya ang sabon, batya, at tubig. Lumipas ang ilang minuto, napaliguan na niya si Tagpi at nagpasiya na lamang siya na umupo sa damuhan kasama ang alagang aso.

7. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
8. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
9. Saan naglaro sina Ben at Tagpi?
10. Ilarawan ang kalagayan ng panahon sa binasang kuwento.
11. Isa-isahin ang mga pangyayari sa kuwento.
12. Ibigay ang buod ng kuwento.



ARALIN 1

SURIIN

Sa bahaging ito ng aralin ay matutuklasan natin ang mga elemento ng kuwento at ang mga uri nito.




Sa pamamagitan ng inilaang mga gawain sa bawat bahagi ay masasagot mo kung ano-ano ang mga elemento na bumubuo sa maikling kuwento. Mapapaunlad mo rin ang iyong kakayahan na makabuo ng isang lagom o buod ng isang kuwento. Gayundin, magkakaroon ka ng kaalaman sa mga uri ng panitikan na mayroon ang ating henerasyon.

Simulan natin ang pag-aaral sa bahaging ito. Una nating tatalakayin ang tungkol sa iba't ibang elemento ng kuwento.

Bigyan mo ng pansin ang larawan at ang maikling kuwento na pinamagatang “Ano ang nangyari kay Tagpi?”

ARALIN 1

Palawakin pa natin ang iyong kaalaman tungkol sa paksa. Kapag sinabi nating elemento, ito ay ang mga mahahalagang parte na siyang bumubuo ng isang kuwento. Maituturing itong sangkap para sa perpektong pagsasalaysay ng kuwento.



Ito ay binubuo ng tauhan, tagpuan, at banghay.

TAUHAN


Dito nakapaloob ang pangalan ng mga gumanap, ang kanilang ginampanan o papel, at ang ugali nila sa kuwento.

Upang matulungan ka sa iyong pang-unawa sa ating paksa. Balikan natin ang binasa mong maikling kuwento.

Si Ben at ang kaniyang asong si Tagpi ang maituturing na tauhan dahil sila ang sentro ng kuwento at pinatutungkulan nito. Sa kanila rin umiikot ang kabuoan ng mga naganap na pangyayari.



ITO AY KADALASANG SUMASAGOT SA TANONG NA "SINO?"



Mayroong iba't ibang klasipikasyon ng tauhan at ito ay ang sumusunod:

PANGUNAHING TAUHAN

Sa pangunahing tauhan o bida umiikot ang mga pangyayari sa kuwento mula simula hanggang sa katapusan. Karaniwang iisa lamang ang pangunahing tauhan. Ang kaniyang mga katangian ay ibinabatay sa tungkulin o papel na kaniyang gagampanan sa kabuoan ng akda.

KATUNGGALING TAUHAN

Ang katunggaling tauhan o kontrabida ay siyang sumasalungat o kalaban ng pangunahing tauhan. Mahalaga ang papel ng tauhang ito sapagkat sa mga tunggaliang nangyayari sa pagitan nila, nabubuhay ang mga pangyayari sa kuwento at higit na napatitingkad ang mga katangian ng pangunahing tauhan.

KASAMANG TAUHAN

Ipinapahiwatig ng katawagan, ang pangunahing papel o tungkulin niya ay sumuporta, magsilbing hingahan o kapalagayang-loob ng pangunahing tauhan.

Mayroon ding uri ng mga tauhan:

TAUHANG BILOG (ROUND CHARACTER)

- maraming saklaw ang personalidad
- nagbabago ang katangian at damdamin.

ARALIN 1

Halimbawa ay isang mabait at maunawaing tauhan na magiging galit at irresponsableng tauhan. Dito ay lumulutang na ang kaniyang pagkatao o emosyon at damdamin.

TAUHANG LAPAD (FLAT CHARACTER)


- Nagtataglay ng dalawang katangian
- Madaling maunawaan ang katangian o *predictable*.
- Maitutulad o maituturing na stereotype ang kaniyang katangian
- Karaniwang hindi nagbabago ang katangian ng tauhan sa kwento.

Mga halimbawa ay mapagmahal na ina, madrasta at tinedyer na hindi sumusunod sa magulang.

TAGPUAN

Dito tinutukoy ang lugar ng pinangyarihan ng mga aksiyon. Nakapaloob din dito ang petsa, oras, at panahon.

Upang mas maunawaan ang tagpuan, balikan natin muli ang larawan at kuwento. Mapapansin natin na sa umpisa pa lang ng kuwento inilarawan na ang panahon at oras na siyang nage-*set* ng *mood* ng kuwento. Gayundin, sinabi sa kuwento na sila ay naglalaro sa bakuran.



Mahalaga na maunawaan ng mambabasa ang lugar, petsa, oras, at panahon ng isang akda nang sa gayon ay makabuo ng tamang imahen sa kanilang mga isipan sa kuwentong binasa.

ITO AY KADALASANG SUMASAGOT SA TANONG NA “SAAN?”

BANGHAY

Ang banghay ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod o takbo ng mga pangyayari sa kuwento. Ang banghay naman ng kuwento ay sumasagot sa tanong na “ANO?” Binubuo ito ng limang bahagi:

PANIMULA



Ito ang simula ng kuwento. Dito nakasalalay ang pagkuha ng atensiyon ng mambabasa. Karaniwan ding ipinakikilala sa bahaging ito ang mga tauhan at tagpuan.


Isang **maaraw at maaliwalas na umaga**, nagpasiya si **Ben** na makipaglaro sa **kaniyang aso na si Tagpi**. Kaya naman, dinala niya ito sa kanilang bakuran upang malawak ang kanilang lugar na mapaglalaruan.

ARALIN 1


PASIDHI O PATAAS NA PANGYAYARI

Ito ang bahaging nagpapakita ng saglit na kasiglahan sa mga pangyayari. Dito ay inilalahad ang panandaliang pagtatagpo ng mga tauhan sa kasasangkutanang suliranin.

Masayang binabato ni Ben ang kahoy upang kunin naman ni Tagpi at ibalik sa kaniya nang sa hindi sinasadyang pagkakataon, naibato ito ni Ben sa isang maputik na parte ng kanilang bakuran.



KARURUKAN O KASUKDULAN



Sa bahaging ito nagaganap ang pinakamatinding problema o suliranin na kailangang lutasin ng pangunahing tauhan.

Naibato ito ni Ben sa isang maputik na parte ng kanilang bakuran at nang bumalik si Tagpi sa kaniya, ikinagulat niya dahil tila hindi na makilala dahil sa putik na bumalot sa buong katawan nito.

ARALIN 1

KAKALASAN O PABABANG PANGYAYARI

Ito ang bahaging nagpapakita ng solusyon o paglutas sa problema sa kuwento.

Nagpasiya siya na paliguan ito kaya naman inihanda niya ang sabon, batya, at tubig.



WAKAS

Ito ang bahaging nagpapakita ng katapusan ng kuwento at nag-iiwan ng aral o kakintalan sa isipan ng mambabasa.

Lumipas ang ilang minuto, napaliguan na niya si Tagpi at nagpasiya na lamang siya na umupo sa damuhan kasama ang alagang aso.

Ngayong nabatid mo na ang banghay, maaari mo itong magamit upang makabuo ng pinaikling bersiyon ng kuwento na iyong nabasa. Ito ay tinatawag nating pagbubuod o paglalagom.

Ano ang Lagom/Buod?

Ito ay ang pinakapayak na anyo ng paglalahad. Ang pinakapangunahing layunin sa pagbuo ng lagom ay **upang matulungan ang mambabasa sa pag-unawa sa diwa ng isang akda**. Dahil dito, ginagamit ang mga pananalitang magagaan at madaling maunawaan ngunit marapat na hindi mawala ang tunay na diwang inilahad sa orihinal.

At upang tayo ay makabuo ng lagom/buod, kailangan nating isaalang-alang ang sumusunod na katangian.

- ✓ Maikli, hindi paligoy-ligoy at hindi hihigit sa isang talata.
- ✓ Malinaw ang paglalahad at magkakaugnay ang mga kaisipan upang makabuo ng talatang may kaisahan.
- ✓ Malaya at taglay lamang ang pangunahing ideya o kaisipan ng orihinal na teksto.
- ✓ Malinaw na matutunghayan dito ang mga intensiyon o hangarin ng awtor.

Upang mas malinaw ang iyong kaalaman sa ating paksa, nais kong bigyan mo ng pansin ang tekstong may pamagat na “Mariang Mapangarapin” mula kay Angelita L. Aragon.

Halimbawang teksto:

SI MARIANG MAPANGARAPIN KAPITBISIG

Maganda, masipag, masayahin at matalinong dalaga si Maria. Ano pa't masasabing isa na siyang ulirang dalaga, kaya lang sobra siyang mapangarapin. Umaga o tanghali man ay nangangarap siya. Lagi na lamang siyang nakikitang nakatingin sa malayo, waring nag-iisip at nangangarap nang gising. Dahil



dito, nakilala siya sa tawag na Mariang Mapangarapin. Hindi naman nagalit si Maria bagkus ikinatuwa pa niya ang bansag na ikinabit sa pangalan niya.

Minsan niregaluhan siya ng isang binata ng isang dosenang inahing manok. Tuwang-tuwa siya at inalagaan niyang mabuti ang alaalang bigay sa kaniya ng nag-iisang manliligaw niya. Nagpagawa siya sa kaniyang ama ng kulungan para sa mga manok niya at higit sa karaniwang pag-aalaga ang ginawa ni Maria. Pinatutuka niya at pinaiinom ang mga ito sa umaga, sa tanghali at sa hapon. Dinagdagan pa ito ng pagpapainom ng gamot at pampataba. Pinangarap ni Maria ang pagdating ng araw na magkakaroon siya ng mga inahing manok na magbibigay ng maraming itlog.

Lumipas ang ilang buwan, nangitlog ang lahat ng inahing manok na alaga ni Maria. Labindalawang itlog ang ibinibigay ng mga inahing manok araw-araw. Kinuwenta naman ni Maria ang bilang ng itlog na ibibigay ng labindalawang alagang manok sa loob ng pitong araw sa isang linggo. Kitangkita ang saya ni Maria dahil lumalapit na siya sa kaniyang pangarap. Inipon ni Maria ang itlog at nakabuo ito ng limang dosenang itlog.

ARALIN 1

Isang araw ng Linggo ay pumunta sa bayan si Maria. Dala-dala niya ang limang dosenang itlog. Habang siya'y nasa daan ay nangangarap siya nang gising. Balak niyang ipagbili lahat ang itlog. Pagkatapos, bibili siya ng magandang tela, ipatatahi niya ito ng magandang bestida. Siya ay naglakad nang pakendeng-kendeng at BOG!

Nahulog ang limang dosenang itlog! Hindi nakapagsalita si Maria dulot ng matinding pagkabigla. Nang matauhan ay saka siya umiyak nang umiyak. Gumuho ang kaniyang pangarap kasabay ng pagbagsak ng limang dosenang itlog na kaniyang sunong-sunong.

Naunawaan mo ba ang kuwento? Upang tulungan kang lalong maunawaan ito, pansinin ang balangkas ng kuwentong iyong binasa.

BALANGKAS NG ELEMENTO NG KUWENTO

I. **Pamagat:** Si Mariang Mapangarapin

II. **Tauhan:**

Pangunahing Tauhan:

- **Maria** - isang maganda, masipag, at masipag na dalaga.

Kasamang Tauhan:

- Binatang manliligaw ni Maria
- Ama ni Maria

Tauhang Lapad: Si Maria, dahil mula umpisa hanggang dulo, siya ay nananatiling mapangarapin.

III. **Tagpuan**

- Tahanan nina Maria
- Daanan patungo sa palengke

IV. **Banghay**

- a. **Pangunahing Pangyayari** – Ipinakilala ang tauhan, ang panahon ay nasa kasalukuyan. Inilarawan ang tagpong siya ay nangangarap gayundin, ang pagbabansag sa kaniya bilang Mariang Mapangarapin.

ARALIN 1

- b. **Pasidhi o Pataas na Pangyayari** – Nagkaroon ng mga manok si Maria dahil sa kaniyang manliligaw kaya naman inalagaan niya ito sa kagustuhang makapagbigay ito sa kaniya ng maraming dosenang itlog. Pinagawan niya pa ng kulungan ang mga ito sa kaniyang ama.
- c. **Karurukan o Kasukdulan** – Nangitlog ng limang dosenang mga manok at noong dadalhin na ni Maria sa bayan ang mga ito upang ibenta, sa hindi inaasahang pagkakataon ay nahulog ang mga ito at nagkandabasag.
- d. **Kakalasan o Pababang Aksiyon** – umiyak nang umiyak si Maria dahil hindi na matutupad ang kaniyang mga pangarap na bibilhin mula sa pagbebentahan sana ng mga itlog na nabasag.
- e. **Wakas** – Gumuho ang kaniyang mga pangarap kasabay ng pagbagsak ng mga itlog.

BUOD/LAGOM:

Si Maria ay isang maganda, masigla, at masipag na dalaga kaya naman may mga nanliligaw sa kaniya. May isang binata na nagbigay sa kaniya ng isang dosenang manok na siya namang inalagaan nito. Nangangarap siya na ang mga ito ay makapangitlog ng marami at kaniyang maibebenta upang makabili ng tela na siyang tatahiin upang magkaroon ng magandang bestida. Hindi naman siya nabigo at nangitlog ang mga inahing manok ng limang dosenang itlog. Sa kasamaang palad habang dala niya ang mga itlog, ito ay nahulog at nabasag na siyang naging dahilan ng kalungkutan at pagkalugmok ng dalaga.

Ngayong kumpleto na ang iyong nalalaman tungkol sa ating paksa, nais kong subukin mong sagutan ang mga inihandang gawain upang maipakita ang iyong lubos na pang-unawa sa aralin na ito.



ARALIN 1

LINANGIN

I. **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwento na Tsikot ni Silayan Roskas. Pagkatapos, punan ng mga hinihinging impormasyon ang mga bahagi ng balangkas na kasunod nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

TSIKOT SILAYAN ROSKAS

Gaano ba kahalaga ang makipag-usap? Ang makapagsalita? Kung kaya ko lang... matagal ko na sanang ginawa.

Kahit hapong-hapo na ako sa pag-ikot sa maraming lugar. Hindi ako puwedeng tumigil. Wala akong karapatang huminto.



Magmula umaga hanggang mag-uumaga ay hindi ako puwedeng magpahinga. Lagi ko siyang kasama at kung minsan ay iba-iba.

Depende sa tiyempo kapag kami ay nagkikita. Pero, masasabing siya ang madalas kong kasama. Iba't ibang mukha, kasuotan o katangian ang nakakasalamuha ko. Dinadala sa iba't ibang lugar. Maliwanag at magara. Kung minsan ay madilim at maraming ilaw, nakasisilaw.

Namulat na ako sa mundong ito. Akala ko nung una masaya at walang mababago. Magpapatuloy sa kinasanayan pero mali pala ako.

Wala akong alam na ibang trabaho. Tanging ito lang. Ang lumibot sa karamihan ng tao na nangangailangan ng serbisyo ko. Nakataas ang kamay. Kumakaway. Nang-aakit gamit ang ganda.

Madalas, kapag nadadaan ako sa mataong lugar ay makaririnig ako ng sipol sabay sabing “seksi” na karaniwang lalaki ang nagsasabi.

ARALIN 1

Wala naman akong mapapala. Sa halip ay hahanap na lang ako ng taong maaaring maging masaya sa piling ko kahit panandalian. Maaaring mali para sa iba pero para sa akin ito na lang ang magagawa kong tama. Dahil kung hindi ko gagawin ay baka tumirik na lang ako nang nag-iisa.

Kapag nahahatid ko na sila, banayad at tuloy-tuloy, malaking kapalit ang makukuha ko pero mas malaki kapag nagtatagal. Mahaba ang biyahe.

Madalas nagngangalang "Niko Meka" ang inuuwian ko. Handa naman siyang maghintay. Automatiko na kaagad na usapan. Kapag 'di ako umuwi sa gabing iyon ay alam niya ang dahilan. Kung minsan ay tumututol siya. Sa lahat ng sinerbisuhan ko sa kaniya lang ako nagpagarahe.

Hindi ko rin alam kung bakit. Mayaman, mabait, maraming talyer na pagmamay-ari. Kaya lang may pamilya pero wala na rin akong angal. Nakararamdam naman ako ng saya. Minsan kaba dahil baka isang araw ay hindi niya na lang ako patuluyin katulad ng ibang nakakasama ko. Madalas kasing pinagseselosan ako ng kapamilya ng taong sinasamahan ko.

Dinuduro, dinuduraan at kung minsan pa ay nararanasan kong matadyakan. Umiyak ako nang lihim noon. Walang luha. Dahil hindi lungkot kundi dahil sa galit. Noon din ay nasaktan ako sa kakaasa sa mga tao kung kaya pa nila akong tanggapin. Nasaktan nang ibenta. Ipagbili sa iba.


Pakiramdam ko binuo ako para sakyan lamang, paikutin at kontrolin. Wala akong magawa noon. Umuulan pero nababasang umalis ako at sumumpang hindi na magtitiwala kaninuman.

Paulit-ulit na ginagamit. Nasasaktan, nagagagasan. Sandaling dadalhin sa isang lugar upang lagyan ng pampatanggal, pantakip sa gasgas pero balewala pa rin kahit pahiran pa. Nakatatak na sa akin ang nangyari. Tila ba isang tattoo na maaaring tanggalin pero humalo na ang tinta sa aking dugo.

ARALIN 1

Madalas akong magpalipas ng gabi sa mga parking lot. Wala naman akong pagpipilian. Wala akong perang pambayad sa maaari kong tuluyan.

Nakatingin lang ako ngayon sa mga taong nagdaraan. Matumal ngayong gabi dahil simpleng araw. Kadalasan malakas ang kita kapag Lunes, Sabado o Linggo.



Nakakaingit ang taong magkakahawak ang kamay at mukhang 'di kababakasan ng anumang problema. Pero alam kong walang sinuman ang nakakatakas sa kulungan ng problema. Tila ba sinintensiyahan na tayong mamroblema habang-buhay. Maaaring ang iba ay ilang araw lang, buwan o taon pero ang iba ay pang habang-buhay.

Makikita ang bawat sasakyang dumaraan at humihinto sa bawat pag-iiba ng kulay ng trapiko. Magmula sa pula patungong berde.

Ang mga batang nakikipag-patintero sa mga dyip. Humahalakhak kahit na binubulyawan na ng drayber. Hindi ko maiwasang humiling. Mayroon silang kalayaan. May kainosentehan sa kanilang mga mata. 'Wag sana nilang danasin ang kalagayan ko. Walang tiyak na papel sa magulong lipunan.

Binabalot ng lamig ang aking pakiramdam sa pag-akbay ng hangin sa aking balikat. Nagyeyelo. Tunitigas, nagrerebolusyon ang aking pagkatao. Nagagalit sa mundo!



ARALIN 1



“Pare, sigurado ka bang ibibigay mo na sa akin 'to?”

“Oo, alam kong iingatan mo ang kotse na ‘yan, Niko.”

“Salamat, pare. Iingatan ko talaga ‘to!”

“Alam kong luma na pero nasa kondisyon pa ‘yan. Gaya nang naipangako ko na kapag may bago na ako ay ibibigay ko sa‘yo ang luma.”

“Paano? Iuuwi ko na 'to sa bago niyang magiging tahanan...”

ARALIN 1

Panuto: Gamitin ang pormularyo sa ibaba upang tukuyin ang mga elemento ng kuwentong “Tsikot” ni Silayan Roskas. Isulat din ang buod nito.

BALANGKAS NG ELEMENTO NG KUWENTO	
PAMAGAT	
MGA TAUHAN	
TAGPUAN	
BANGHAY a. Pangunahing Pangyayari	
b. Pasidhi o Pataas na Pangyayari	
c. Karurukan o Kasukdulan na Pangyayari	
d. Kakalasan o Pababang Pangyayari	
e. Wakas	
BUOD/LAGOM NG MGA PANGYAYARI:	

ARALIN 1

II. Panuto: Tukuyin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A at isulat sa iyong sagutang papel ang iyong kasagutan.

HANAY A

1. Maganda at mabuti ang panahon ng araw na iyon habang naglalakad siya sa maruming lansangan.
2. Isang araw ang babaeng maggagatas na may bote ng gatas sa kaniyang ulo.
3. Naglalakad siya papunta sa palengke upang maibenta ang gatas
4. Siya ay bibili ng damit na may laso at isang pares ng sapatos upang kapag siya ay pumunta sa pistang bayan, lahat ng kalalakihan ay titingin sa kaniya.
5. Nakalimutan niya na may bote ng gatas sa kaniyang ulo, kaya't paggalaw niya sa kaniyang ulo, ang mga bote ay nagbagsakan.
6. Ang mga ito ay kumalat. Ang kaniyang mga pangarap ay nagsilaho kasabay ng mga bote ng gatas.
7. Lungkot na lungkot siyang umuwi at hindi niya malaman kung ano ang gagawin niya.
8. Ang pangunahing tauhan ay hindi nagbago ng ugali mula umpisa hanggang dulo.
9. May isang dalaga na nais ipagbili ang gatas at inilagay niya ito sa kaniyang ulo habang naglalakad sa lansangan at nangangarap ng kaniyang mga nais bilhin kung sakaling ito ay kaniyang maipagbili gayundin ang kaniyang intensiyon na pumunta sa pistang bayan. Sa kasamaang palad, nahulog ang gatas at nasayang, kaya naman siya ay labis na nalungkot.
10. Ang pangunahing tauhan ay nagbago ang ugali.

HANAY B

- a. Tauhan
- b. Tagpuan
- c. Pangunahing Pangyayari
- d. Pasidhi/Pataas na Pangyayari
- e. Karurukan
- f. Kakalasan
- g. Wakas
- h. Lapad
- i. Buod
- j. Bilog
- k. Kasamang tauhan




ARALIN 1

ISAGAWA

Narito pa ang isang gawaing tiyak mong kagigiliwan upang lalo mong mahasa ang iyong galing sa pagtukoy sa mga elemento ng kuwento. Pagkatapos nito, isulat mo naman ang buod nito. Simulan mo na!

Panuto: Basahin ang kuwentong *Baka Sakali* ni Joshua Morante. Tukuyin mo ang mga elemento ng kuwento gamit ang polmularyo at isulat mo rin ang buod nito. Gawing patnubay ang rubrik sa ibaba sa pagsasagawa nito.



BAKA SAKALI
JOSHUA MORANTE

Masayang sasandal-sandal sa matalbog na upuan ng restawran si Felix. Sisipsip-sipsip pa siya ng *Sprite* habang inaalala ang panayam kanina sa babaeng HR ng TV Network.

Parang naririnig niya pa rin ang mahinhing tawa nito habang kumakagat sa mga jokes niya. Malinaw pa rin ang imahen ng pamimilog ng *brown* na mata nito, nang sabihin niyang honor student siya buong college year. At gustong-gusto niya kung paano maging malagkit ang tingin nito habang pasimple siyang nagyayabang ng mga nalalaman niya sa trabahong inaplayan. Kusang umaangat ang bula ng *Sprite* patungo sa bibig niya, kasabay ng palakas nang palakas na hangin sa loob niya.

ARALIN 1

“Srrrrp!” isang marahas na sipsip sa straw. “Iba talaga ‘pag guwapo,” napapataas pa ang kilay na iniisip ni Felix.

Sinabihan kasi siya ng HR na ire-recommend daw siya sa mga boss, at maghintay na lamang, after lunch ay ite-text din siya.

“Brrrrt!” ngingig ng selpon.

Mayabang niyang pinindot ang gilid na *button*. Nagliwanag ang screen ng selpon. Ni-*swipe* niya paitaas, pindot sa message icon, at natulala siya saglit bago mabilis na taob sa hawak.

Hindi niya naman kabisado ang text. Pero at least alam niya ang pinakabuod at ubod nito: Ini-English siya, ang haba-haba ng intro, pero hindi niya matanggap ang nilalaman.



Hindi raw siya tanggap. Hindi raw siya nakapasa sa standardized test. Itatabi na lamang ang data niya, baka kung sakali.

ARALIN 1

BALANGKAS NG ELEMENTO NG KUWENTO	
PAMAGAT	
MGA TAUHAN	
TAGPUAN	
BANGHAY	
a. Pangunahing Pangyayari	
b. Pasidhi o Pataas na Pangyayari	
c. Karurukan o Kasukdulan na Pangyayari	
d. Kakalasan o Pababang Pangyayari	
e. Wakas	
BUOD/LAGOM NG MGA PANGYAYARI:	

ARALIN 1

RUBRIK SA PAGBUO NG BUOD/LAGOM

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON NG IDEYA SA LOOB NG BUOD.	Napakahusay dahil maayos na naipahayag ang kuwento sa loob ng isang talata at magkakaugnay ang lahat ng ideya sa loob ng buod.	Mahusay dahil naipahayag ang kuwento sa loob ng isang talata at kaunti lamang ang ideya na hindi maayos ang pagkakaugnay sa loob ng buod.	Kailangang baguhin dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng ideya sa halos lahat ng pangungusap sa loob ng buod, gayundin, hindi naipahayag ang kuwento sa loob ng talata.	
NILALAMAN NG BUOD	Napakahusay dahil kinakitaan ang buod lahat ng mga elemento ng kuwento.	Hindi lahat ng elemento ay nasa buod.	Ang buod ay hindi kinakitaan ng mga elemento ng kuwento.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				



ARALIN 2 LAYUNIN

ELEMENTO NG PELIKULA

Isang kilalang libangan ng mga Pilipino ang panonood ng pelikula lalo na kung ang gumaganap dito ay ang ating mga paboritong artista. Ngunit sa kabila ng ating panonood, marahil ang ilan sa atin ay napapatanong kung ano ang bumubuo sa isang pelikula at paano susuriin ang tauhan, tagpuan, at mga pangyayari na naganap sa loob ng pelikula. Kaya naman, upang lubos na maunawaan ang ating paksa, halina't ating alamin at suriin ang mga sangkap na bumubuo sa isang pelikula.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nasusuri ang mga tauhan/tagpuan at mga pangyayari sa napanood na maikling pelikula.
(LS1CS/FIL-PD-PPC-MT/JHS-8)



ARALIN 2

TUKLASIN

Panuto: Panoorin ang maikling pelikula na **Biyaheng Barkada** na likha ng **Sulu Productions** at sagutin ang mga katanungan na inihanda sa aralin na ito.



Matatagpuan ang maikling pelikula sa link na ito:
<https://tinyurl.com/y3o9ja69>

Mga Katanungan:

1. Sino-sino ang mga tauhan sa maikling pelikula? Ano ang kanilang mga ugali?
2. Saan naganap ang maikling pelikula? Ano- ano ang mga lugar na ipinakita?
3. Ano-ano ang mga mahahalagang pangyayari sa loob ng maikling pelikula?

Masaya ako na nasagutan mo ang mga tanong, kaya naman batid ko na handa ka nang matutuhan ang ating aralin. Nais kong unawain at basahin mo ang ating aralin.



ARALIN 2

SURIIN

Ang iyong ginawa sa panimulang pagsasanay ay isang pagsusuri at pagtukoy sa mga mahalagang elemento na mayroon ang isang pelikula. Ito ang siyang maghahanda sa iyo sa ating paksa.



Simulan natin ang pag-aaral sa bahaging ito. Una nating tatalakayin ang tungkol sa mga elemento ng pelikula na tauhan, tagpuan, at banghay.

Kung ating titingnan, hindi nagkakalayo ang mga elemento ng kuwento at mga elemento ng pelikula, ang ipinagkaiba nga lang sa kuwento, ikaw ay magsusuri o maglalarawan ng mga tauhan, tagpuan, at banghay batay sa akda. Samantalang sa ating paksa ngayon, tayo ay susuri ng tatlong elemento batay sa panonoorin nating pelikula.

Tatalakayin natin sa ating paksa ngayon ang tatlong pangunahing elemento ng pelikula na tauhan, tagpuan, at banghay.


ARALIN 2

TAUHAN


Dito iniisa-isa at nakasaad ang pangalan ng mga gumanap, kanilang ginampanang karakter o papel, at ang ugali/katangian nila sa pelikula.

Mayroon tayong dalawang uri ng tauhan sa mga pelikula, ito ay ang **protagonista** at **antagonista**.

Tunghayan ang *concept map* upang lubos na maunawaan ang dalawang uri ng tauhan sa pelikula at ang kanilang mga katangian.



ARALIN 2



Upang iyong masuri ang mga tauhan ng pelikula, maaari mong maging gabay ang sumusunod na tanong:

- Sino ang protagonista sa pelikula at ano ang kaniyang katangian?
- Sino ang antagonista sa pelikula at ano ang kaniyang katangian?
- Malinaw ba ang karakterisasyon ng mga tauhan?
- Lumutang ba ang mga katangian ng tauhan upang makilala ang bida (protagonista) at ang kontrabida (antagonista)?

ARALIN 2

Ngayong naunawaan mo na ang tauhan, dumako naman tayo sa tinatawag na tagpuan.

TAGPUAN

Ang lugar, petsa, at panahon sa loob ng pelikula.

Tunghayan ang larawan upang lubos na maunawaan ang tagpuan. Narito ang mga halimbawa ng lugar, petsa, at panahon.

Kung susuriin ang larawan, makikita na ang lugar na pinangyayarihan ng eksena sa pelikula ay sa karinderya, ang panahon ay maaaring maaraw at tag-init, at maaaring tanghali dahil maraming taong kumakain.



Kinuha sa: Eksena ng Karlo's Eatery

Upang iyong masuri ang tagpuan ng pelikula, maaari mong maging gabay ang sumusunod na tanong:

- Ano-ano ang nakikita mong disenyong pamproduksiyon/props sa eksena?
- Nakatulong ba ang mga pamproduksiyon/props na ito sa pagbuo ng istorya?
- Ano ang ipinapahiwatig ng ilaw sa produksiyon? Ito ba ay maliwanag o madilim?

Ngayong naunawaan mo na ang tagpuan, dumako naman tayo sa tinatawag na **banghay**.


ARALIN 2

BANGHAY

Tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga eksena sa loob ng pelikula. Binubuo ito ng panimulang pangyayari, pataas na pangyayari, kasukdulan, kakalasan, at wakas.

Mahalaga na alamin muna ang mga nabanggit na bahagi ng pelikula bago mo ito suriin, nang sa gayon ay may batayan ka na sa iyong gagawing pagsusuri.

Banghay ng Pangyayari



Panimula – Ito ang simula ng pelikula. Dito nakasalalay ang pagkuha ng atensiyon ng manonood. Karaniwan ding ipinakikilala sa bahaging ito ang mga tauhan at tagpuan.

Pasidhi o Pataas na Pangyayari – Sa bahaging ito, tumitindi o tumataas ang galaw o kilos ng mga tauhan na humahantong sa sukduhan. Nahahati ito sa saglit na kasiglahan at tunggalian na may suliraning lulunasan o lulutasin ng tauhan.


Karurukan o Kasukdulan - Dito sa bahaging ito ipinakikita ang mataas na bahagi ng kapanabikan na sanhi ng damdamin o maaksiyong pangyayari sa buhay ng mga tauhan.

ARALIN 2

Kakalasan o Pababang Pangyayari – ito ang bahaging nagpapakita ng solusyon o paglutas sa problema sa kuwento.

Wakas – ito ang bahaging nagpapakita ng katapusan ng pelikula na nag-iivan ng aral sa isipan ng manonood.

Ang banghay ng isang pelikula ay maaaring matunghayan gamit ang mga simbolo ng **Analepsis, Prolepsis, at Ellipsis**. Tunghayan ang mga larawan sa ibaba, saan mo ito madalas makita? Ano-anong mga simbolo ang ipinakikita?



Tumpak! Ang mga simbolo na ito ay nangangahulugang **flashback**, **flashforward**, at **next** na madalas nating nakikita kapag tayo ay nanonood ng palabas ngunit isa itong magandang representasyon upang mas lalo mong maunawaan ang analepsis, prolepsis, at ellipsis.



ANALEPSIS (*Flashback*)

Dito ipinapasok ang mga pangyayaring naganap na nakalipas



PROLEPSIS (*Flash Forward*)

Dito nama'y ipinapasok ang mga pangyayaring magaganap pa lang sa hinaraharap



ELLIPSIS (*Next*)

May mga puwang o patlang sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na nagpapakitang may bahagi sa pagsasalaysay na tinanggal, nilaktawan, o hindi isinama.

Upang lubos mong maunawaan ang ating tinalakay na paksa, nais ko na bigyan mo ng pansin ang iyong pinanood na maikling pelikula noong umpisa na may pamagat na “**Biyaheng Barkada**” ng **Sulu Productions**.

ARALIN 2

Nais ko na gamitin ito bilang halimbawa sa pagbuo ng banghay ng elemento ng pelikula.

Upang iyong masuri ang banghay ng pangyayari sa pelikula, maaari mong maging gabay ang sumusunod na tanong:

- Anong uri ng banghay ang ipinakita ng maikling pelikula?
- Ano-ano ang mga pangyayari sa loob ng pelikula?

Halimbawa ng Banghay ng Elemento ng Pelikula

I. Pamagat: Biyaheng Barkada

II. Mga Tauhan:

Bilang pagsusuri sa mga tauhan ng pelikula, ang lahat ng pangunahing tauhan ay kabilang sa protagonista dahil ang kabuoan ng kuwento ay umiikot sa kanilang pagkakaibigan at sa kanilang mga personal na buhay.

Sa loob ng pelikula naging malinaw ang karakterisasyon dahil nagkaroon ng pagkakataon ang isa't isa na maipakilala sa mga manonood. Lahat din sila ay nabigyan ng kaniya-kaniyang eksena sa pelikula na siyang nagpalutang sa kanilang katangian bilang tauhan sa pelikula.

Protagonista:

- Lard** - Ang tinaguriang "*hunk*" ng barkada.
- Anne** - Ang nag-iisang babae sa barkada at ang unang umalis dahil kailangan niyang sundan ang kaniyang pamilya sa ibang bansa.
- Einnor** - Ang joker ng barkada, siya ang laging nagpapatawa at nagpapasaya sa lahat.
- John** - Ang "loverboy" at unang nanligaw sa barkada.
- Isaac** - Ang nagkukuwento sa barkada at ang tinaguriang "driver" ng barkada dahil siya ang unang nagkaroon ng kotse.

ARALIN 2


III. Tagpuan

Kung susuriin ang tagpuan, at ang kabuoan ng mga eksena ng maikling pelikula ay ginaganap tuwing umaga, hapon, at tanghali dahil ang naging pokus nito ay ang mga pangyayari sa kanilang buhay noong sila ay nasa kolehiyo pa kagaya ng kanilang mga “road trip”, unang panliligaw at marami pang iba. Ngunit ang karamihan ng eksena ay kinunan sa loob ng sasakyan dahil ito ang naging simbolismo ng maikling kuwento.

- **Panahon** - Maaraw at maaliwalas
- **Lugar** - Sa loob ng sasakyan ni Isaac

IV. Banghay

Sa maikling pelikula na “Biyaheng Barkada” binigyan ng diin ang “biyahe” kaya naman ang lahat ng pangyayari sa loob nito ay naganap sa loob ng sasakyan at isinasalaysay ang kuwento ng isa pang tauhan. Ito ay gumamit ng banghay na nasa pormang analepsis dahil kakikitaan ang pelikula ng pag-alaala sa nakaraan.



A. Panimula – Nagsimula ang maikling pelikula sa pagpapakilala ni Isaac sa kaniyang mga kaibigan.

ARALIN 2

- B. Pasidhi o Pataas na Pangyayari** – Inaalala ni Isaac ang mga panahong sila ay nasa kolehiyo pa lamang. Nariyang nagsasaya sila at nagkakapalagayan ng loob dahil sa araw-araw na pagsasama. Kaya naman noong nakuha ni Isaac ang kaniyang unang kotse, bumuo sila ng mga alaala gamit ‘yon. Mula sa kanilang thesis defense, panliligaw ni John, hanggang sa pangingibang bansa ni Anne

- C. Karurukan o Kasukdulan** – Dahil sila ay may iba’t iba ng responsibilidad, unti-unti silang nagkahiwa-hiwalay at hindi namamalayan ni Isaac na siya na lamang ang natitira sa barkada.

- D. Kakalasan o Pababang Pangyayari** – Masayang inalala ni Isaac ang kanilang samahan na para sa kaniya ay hindi mawawala kahit na sila ay naghiwa-hiwalay na ng landas

- E. Wakas** – Tinahak ni Isaac nang mag-isa ang daan at tinanggap na kahit hindi sila magkakasama, hindi naman matatawaran ang naging saya at alaala noong panahon na sila ay magkakasama.

Ngayong, kompleto na ang iyong nalalaman tungkol sa ating paksa, nais kong subukin mong sagutin ang mga inihandang gawain upang maipakita ang iyong lubos na pang-unawa sa aralin na ito.



ARALIN 2

LINANGIN

I. **Panuto:** Panoorin ang maikling pelikula na may pamagat na **Musika Ko** ng Sulu Productions at suriin ang mga elemento nito gaya ng tauhan at tagpuan. Maaari mong pagbatayan ang naging halimbawa sa talakayan para sa iyong gagawing pagsusuri. Isulat sa isang malinis na papel ang iyong pagsusuri gamit ang ibinigay na balangkas ng suring-pelikula. Gawing batayan ang rubrik sa ibaba sa pagsasagawa ng gawain.



Matatagpuan ang maikling pelikula sa link na ito:

<https://www.facebook.com/SuluProductions/videos/1806605382715570/>

RUBRIK SA PAGBUO NG SURING-PELIKULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakakitaan ng mahusay na pagka-unawa sa pelikulang napanood batay sa pagsusuring ginawa.	lilan lamang ang impormasyong ibinigay batay sa pelikulang napanood.	Hindi tama ang mga impormasyon na inilagay sa pagsusuri.	
ORGANISASYON	Mahusay, mabisa at sumusunod sa pormat kaya maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye.	Hindi masyadong maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye ngunit naiintindihan.	Hindi malinaw at walang kaugnayan ang mga detalyeng inilahad sa mga bahagi ng panunuring pampelikula.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SURING PELIKULA SA


PAMAGAT NG PELIKULA

MGA TAUHAN: _____

TAGPUAN: _____

ARALIN 2

II. Panuto: Gumawa ng isang pagsusuri sa banghay ng mga pangyayari ng maikling pelikula na “**Musika Ko**” ng Sulu Productions. Isulat ang iyong pagsusuri at banghay sa iyong sagutang papel.



BANGHAY NG PANGYAYARI

A. PANIMULA:

B. PASIDHI O PATAAS NA PANGYAYARI:

C. KARURUKAN O KASUKDULAN:

D. KAKALASAN O PABABANG PANGYAYARI:

E. WAKAS:

ARALIN 2

RUBRIK SA PAGSUSURI NG BANGHAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakakitaan ng mahusay na pagka-unawa sa pelikulang napanood batay sa pagsusuring ginawa.	lilan lamang ang impormasyong ibinigay batay sa pelikulang napanood.	Hindi tama ang mga impormasyon na inilagay sa pagsusuri.	
ORGANISASYON	Mahusay at komprehensibo ang nabuong banghay ng mga pangyayari.	Maayos ngunit hindi masyadong komprehensibo ang nabuong banghay ng mga pangyayari.	Hindi malinaw at walang kaugnayan ang mga detalyeng inilahad sa mga bahagi ng banghay ng pangyayari.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				



ARALIN 2

ISAGAWA

Panuto: Sumulat ng isang suring-pelikula tungkol sa iyong paboritong pelikula o maikling pelikula na napanood. Bigyan ng pokus sa suring-pelikula ang mga tauhan, tagpuan, at banghay. Upang ikaw ay magabayan sa paggawa nito, maaari mong pagbatayan ang mga gabay na tanong na nakahanda. Ilagay ang suring-pelikula sa iyong sagutang papel.

Mga Gabay na Tanong:

1. Sino-sino ang mga tauhan sa maikling pelikula/pelikula?
2. Sino ang antagonist at protagonist sa mga tauhan?
3. Paano inilarawan ang mga tauhan sa maikling pelikula?
4. Nakatulong ba ang karakter ng mga tauhan sa pagpapaganda ng pelikula?
5. Ano ang mga tagpuan na madalas makita sa pelikula?
6. Ano-ano ang nakikita mong disenyong pamproduksiyon sa eksena?
7. Nakatulong ba ang mga disenyong pamproduksiyon na ito sa pagbuo ng istorya?
8. Ano ang naging daloy ng pelikula?
9. Anong uri ng banghay ang ipinakita sa pelikula?
10. Nakatulong ba ang banghay ng pangyayari sa pagpapaganda ng pelikula?

ARALIN 2

RUBRIK SA PAGGAWA NG SURING-PELIKULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON NG IDEYA SA LOOB NG SURING-PELIKULA	Napakahusay dahil maayos at magkakaugnay ang lahat ng ideya sa loob ng suring-pelikula	Mahusay dahil kaunti lamang ang ideya na hindi maayos ang pagkakaugnay sa loob ng suring-pelikula	Kailangang baguhin dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng halos lahat ng ideya sa suring pelikula	
PAGSUSURI SA TAUHAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa mga karakter ng tauhan at nailista ang mga ito nang may kompletong detalye	Mahusay dahil kinakitaan ito ng kompletong listahan ng mga tauhan ngunit hindi ganoong ka-komprehensibo ang pagsusuri sa mga ito	Ang suring-pelikula ay hindi nagtataglay ng kompletong listahan ng mga tauhan at hindi maayos na nasuri ang mga ito	
PAGSUSURI SA TAGPUAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa tagpuan ng pelikula	Mahusay dahil may pagtatangkang suriin ang tagpuan	Hindi kinakitaan ng pagsusuri sa tagpuan	
PAGSUSURI SA BANGHAY	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa banghay ng pangyayari	Mahusay dahil may pagtatangkang pagsusuri sa banghay ng pangyayari	Hindi kinakitaan ng pagsusuri sa banghay ng pangyayari	
KABUOAN (20 PUNTOS)				




PAGHIHINUHA AT PAGBIBIGAY NG WAKAS NG KUWENTO

Naranasan mo na bang manghula ng mga pangyayari na hindi pa nagaganap ngunit nararamdaman mo na maaaring ang iyong iniisip ay mangyari? Kung ang sagot mo ay oo, marahil nangyari na sa iyo ang katulad na pangyayari na iyon o kaya naman ay may kaalaman ka na sa mga posibilidad na maaaring mangyari. Hindi ba't minsan napapatanong tayo, paano nga ba ang maghinuha?

Kaya naman, samahan mo akong tuklasin ang mga Pahayag ng Paghihinuha ng Pangyayari.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



nahuhulaan/ nahihinuha ang maaaring mangyari/ kahihinatnan ng mga pangyayari sa teksto/kuwento gamit ang dating karanasan/ kaalaman (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-49); at

nakapagbibigay ng wakas sa nabasang kuwento (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-52).



ARALIN 3

TUKLASIN

Batid ko na may ideya ka na sa araling ito. Subukin nating alamin kung ang iyong mga ideya ay tumutugon sa mga konseptong saklaw ng aralin. Simulan natin sa pamamagitan ng gawain na susukat sa lawak ng iyong kaalaman. Upang maisagawa ito, nais kong sagutan mo ang susunod na gawain.

Panuto: Basahin at hulaan ang maaaring maging wakas ng mga kuwento sa pamamagitan ng paggamit ng iyong sariling karanasan. Bumuo lamang ng dalawa hanggang tatlong pangungusap at isulat ito sa iyong sagutang papel.



1. Dumungaw si Pedro sa kanilang bintana at nakitang umuulan. Naisip niyang maligo sa ulan kaya nagmadali siyang lumabas. Tumakbo siya sa kanilang kalsada at nagtampisaw sa tubig. Buong hapon siyang naglaro sa ilalim ng ulan. Kinagabihan, habang siya ay naghahanda na sa pagtulog, nagsimula siyang bumahing.



2. Kumakain ang pamilya ni Sheng sa isang fastfood chain nang mapansin niya ang ilang batang nakaupo sa labas. Nakatingin sa kaniya ang mga bata. May isang bata na lumapit sa salamin at kumaway kay Sheng, tapos ay itinuro niya ang pagkain na nasa mesa. Maya-maya ay lumabas ang isang sekyu at pinalayo ang bata mula sa salamin. Naawa si Sheng sa mga bata. Naisip niyang baka hindi pa kumakain ang mga ito.



3. Si Marco ay labis na mahiyain. Wala siyang kaibigan na kasa-kasama sa paaralan. Malimit siyang magpuntang mag-isa sa silid-aklatan. Masaya siyang magbasa doon kahit na mag-isa lamang siya. Isang araw, may isang batang babae na pumuwesto sa lamesa malapit sa inuupuan ni Marco. Tahimik siyang nagbasa at gumawa ng kaniyang takdang-aralin. Nang magsasara na ang silid-aklatan, nagkasabay si Marco at ang batang babae na lumabas.

Masaya ako na nasagutan mo ang mga katanungan, kaya naman batid ko na handa ka nang matutuhan ang ating aralin. Dumako na tayo sa Suriin upang lubos mong maunawaan ang paksa ng ating aralin.



ARALIN 3

SURIIN

Ang ating aralin ay iikot sa paghihinuha at pagbibigay ng wakas ng kuwento. Kaya naman upang maisagawa iyan, kailangan natin ng mga pahayag na magpapahiwatig na tayo ay naghihinuha sa magiging wakas. Ito ang magsisilbing indikasyon na ang ating pahayag ay hindi ganoon sigurado ngunit may posibilidad na mangyari.

Maaaring naranasan na natin ang ganoong pangyayari kaya alam na natin ang maaari ring mangyari kung sakaling ito ay maulit sa atin o sa ating mga kakilala.



Upang lubos na maunawaan ang ating aralin, atin munang alamin ang kahulugan ng paghihinuha.

ANO ANG PAGHIHINUHA?

Ito ang tinatawag sa Ingles na *inferring* kung saan nagbibigay ang isang tao ng konklusyon o hula na nakabatay sa karanasan, dating nalalaman ng mambabasa, katangian o anyo ng materyales, at iba pang elemento.

Kadalasang nangyayari ang paghihinuha sa mga kuwentong bitin ang wakas o hindi tapos kaya ang mga mambabasa ang nagbibigay ng posibleng maging wakas nito. Karaniwang ipinahahayag ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga pang-abay na pang-agam.

ARALIN 3

Ang mga **pang-abay na pang-agam** ay mga salitang ginagamit bilang indikasyon na ang isang pahayag ay naghihinuha. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng tono na ang isang pahayag ay may posibilidad na mangyari.

Halimbawa:

baka	marahil
tila	siguro
wari	

Ilan sa mga halimbawa ng Pang-abay na Pang-agam na ginamit sa pangungusap:

PANGUNGUSAP	PANG-ABAY NA PANG-AGAM
Tila <u>lalakas</u> pa ang buhos ng ulan.	Tila
Marahil <u>magandang</u> balita ang hatid ni Jose dahil nakangiti siya.	Marahil
Baka <u>bukas</u> na mag-uumpisa ang palaro sa paaralan	Baka

Sa pamamagitan nito, napapalawak ang imahinasyon ng mambabasa.

Ngayong kompleto na ang iyong nalalaman tungkol sa ating paksa, nais kong subukin mong sagutan ang mga inihandang gawain upang maipakita ang iyong lubos na pang-unawa sa aralin na ito.



ARALIN 3

LINANGIN

- I. **Panuto:** Gamit ang mga pang-abay na pang-agam, bigyan ng wakas ang bawat sitwasyon na inihanda sa bahaging ito. Maaari mong ibatay ang wakas sa iyong sariling karanasan. Gamiting patnubay ang rubrik sa ibaba sa pagsasakatuparan ng gawain. Gawin ito sa iyong sagutang papel.
1. Matalik na magkaibigan at magkapitbahay sina Tinay at Isabel. Malapit na malapit sila sa isa't isa. Nagbabahaginan sila ng kanilang mga problema at sikreto sa buhay. Isang araw, nagkaroon ang dalawa ng bagong kapitbahay na ang anak ay kaedad rin nila. Si Isabel ay mabilis na napalapit sa dalawa. Isang araw, natuklasan ni Tinay na sinabi ni Rachel ang isang pinakatatago niyang sikreto kay Isabel.
 2. Tanghali na ngunit hindi pa rin lumalabas ng kuwarto si Benjie. Ilang beses na siyang tinatawag ng kaniyang nanay upang kumain ngunit hindi pa rin siya bumababa. Nang matapos nang kumain ng tanghalian ang pamilya, inutusan ng nanay si Eileen na tawagin ang kaniyang kuya. Pagpasok niya sa kuwarto, nakita niya si Benjie na nakatalukbong ng kumot at nanginginig.
 3. Si Ella ay mahilig sa hayop ngunit wala siyang alaga dahil wala silang pambili ng aso o pusa. Isang araw, habang siya ay papauwi mula sa paaralan, may narinig siyang mahinang iyak. Pumunta siya sa gilid ng daan at sumilip sa ilalim ng mga halaman. May nakita siyang maliit na kuting na umiiyak.

ARALIN 3

RUBRIK PARA SA PAGGAWA NG SARILING HINUHA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
KAAKMAAN	Napakahusay at akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	Hindi masyadong akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	Hindi akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	
NILALAMAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay na pang-agam	Nakapagbigay ng hinuha ngunit hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay na pang-agam	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay na pang-agam at hindi nakabuo ng maayos na hinuha sa maikling kuwento	
ORGANISASYON	Ang mga ideya sa ginawang hinuha ay maayos at nauunawaan	Ang ilan sa mga ideya sa ginawang hinuha ay maayos	Ang kabuoang ideya ng hinuha ay hindi naging malinaw	
KABUOAN (15 PUNTOS)				

ARALIN 3

II. **Panuto:** Gamitin ang mga Pahayag na Paghihinuha ng Pangyayari at gumawa ng sariling hinuha sa mga pangyayaring nasa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa isang malinis na papel.

RUBRIK PARA SA PAGGAWA NG SARILING HINUHA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
PAGIGING AKMA NG GINAWANG HINUHA SA PAUNANG SITWASYON	Mahusay at akma ang ginawang hinuha sa paunang sitwasyon.	Hindi masyadong akma ang ginawang hinuha sa paunang sitwasyon.	Hindi akma ang ginawang hinuha sa paunang sitwasyon	
KABUOAN (5 PUNTOS)				

MARAHIL

Pangyayari: Si Josh at Ermil ay pinaniwalaan ng lahat ng nakikinig sa kanila
Hinuha:

BAKA

Pangyayari: Sila ay nanigurado at kumuha ng matinding ebedensiya
Hinuha:

SIGURO

Pangyayari: Makulimlim ang kalangitan
Hinuha:

TILA

Pangyayari: Si JM ay kumuha ng tinapay
Hinuha:

SIGURO

Pangyayari: Malinis ang bahay
Hinuha:



ARALIN 3

ISAGAWA

- I. **Panuto:** Basahin ang kuwentong “Walang Titulo” ni Chi Francisco. Ibigay ang maaaring maging wakas nito. Gawing patnubay ang rubrik sa ibaba sa paggawa nito.

WALANG TITULO CHI FRANCISCO



Ilang araw kong hiniling na sana'y muli kong masilayan ang kaniyang magagandang mga mata. Ilang beses kong hiniling na sana'y magtagpong muli ang landas naming dalawa. Maraming beses akong humiling, pero nang mabigyan ng pagkakataon ay sinayang ko lang.

Ilang araw na simula nu'ng huli kitang nakita. Ilang araw na nang huli kong nakita kang masaya.

Sa araw na hindi tayo nagkikita, alam kong masaya ka. Pero masakit isipin na alam kong ang ngiti sa iyong mga labi ay hindi ako ang dahilan.

ARALIN 3

Ilang araw na ba? Ilang linggo? Masaya ka kahit na wala ako. Ikaw ba? Naisip mo ba kung ano ang nararamdaman ko? Kasi walang ibang pumapasok sa isip ko kundi ikaw dahil ikaw lang ang nasa puso't isip ko.

Sa mga nagdaang araw, kahit papano'y normal ang takbo ng buhay ko. Iniisip ko kasi na kahit hindi kita nakikita, alam kong masaya ka kasama sila. Alam kong masaya ka dahil nararamdaman ko iyon. Bawat galak sa iyong puso ay kitang-kita sa bawat larawan mo.

Sa di inaasahang pagkakataon, nakita kang muli. Mga mata nati'y nagtagpo at muling dumaloy ang koryenteng matagal nang nakatago. Puso ko'y mabilis na tumakbo sa kaba, ang mga tuhod ko'y nanghina sa sulyap na pinakita at ang kagalakan sa puso ko'y damang-dama.

Nais kang kausapin. Nais kang yakapin. Ngunit kasama mo sila. At kasama ko rin siya. Mga taong nakapaligid sa atin ay tila balakid sa nais gawin. Nais kitang lapitan pero hinawakan niya ang kamay ko at inilapit sa kaniya. Pinadausdos niya ang kaniyang kamay sa aking baywang at iginiya papalayo sa iyo.



Gusto kong tumigil. Gusto kong alisin ang kamay niya sa akin. Kaya kong gawin 'yon basta't makasama ka. Ngunit ang masakit ay ang makitang lumayo ka kasama sila at hinayaan akong mapunta na lamang sa kaniya.

Ilang araw kong hiniling na sana'y muli kong masilayan ang iyong magagandang mga mata. Ilang beses kong hiniling na sana'y magtagpong muli ang landas nating dalawa. Maraming beses akong humiling, pero ngayong nakita na kita, may mga taong humadlang sa ating dalawa.

ARALIN 3

RUBRIK PARA SA PAGBIBIGAY NG WAKAS NG KUWENTO

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
KAAKMAAN	Napakahusay at akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	Hindi masyadong akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	Hindi akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	
NILALAMAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay na pang-agam	Nakapagbigay ng hinuha ngunit hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay na pang-agam	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay na pang-agam at hindi nakabuo ng maayos na hinuha sa maikling kuwento	
ORGANISASYON	Ang mga ideya sa ginawang hinuha ay maayos at nauunawaan	Ang ilan sa mga ideya sa ginawang hinuha ay maayos.	Ang kabuoang ideya ng hinuha ay hindi naging malinaw	
KABUOAN (30 PUNTOS)				

ARALIN 3

II. **Panuto:** Bumuo ng isang suring-pelikula tungkol sa maikling pelikulang **Karlo's Eatery** ng Tanikala Productions. Gamitin ang pormat ng suring-pelikula na matatagpuan sa aralin at isulat sa isang malinis na papel ang iyong sagot.



Matatagpuan ang maikling pelikula sa link na ito:
<https://www.facebook.com/watch/?v=206409910150030>

ARALIN 3

RUBRIK SA PAGGAWA NG SURING-PELIKULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON NG IDEYA SA LOOB NG SURING-PELIKULA.	Napakahusay dahil maayos at magkakaugnay ang lahat ng ideya sa loob ng suring-pelikula.	Mahusay dahil kaunti lamang ang ideya na hindi maayos ang pagkakaugnay sa loob ng suring-pelikula.	Kailangang baguhin dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng halos lahat ng ideya sa suring pelikula.	
PAGSUSURI SA TAUHAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa mga karakter ng tauhan at nailista ang mga ito nang may kompletong detalye.	Mahusay dahil kinakitaan ito ng kompletong listahan ng mga tauhan ngunit hindi ganoong ka-komprehensibo ang pagsusuri sa mga ito.	Ang suring-pelikula ay hindi nagtataglay ng kompletong listahan ng mga tauhan at hindi maayos na nasuri ang mga ito.	
PAGSUSURI SA TAGPUAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa tagpuan ng pelikula	Mahusay dahil may pagtatangkang suriin ang tagpuan.	Hindi kinakitaan ng pagsusuri sa tagpuan.	
PAGSUSURI SA BANGHAY	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa banghay ng pangyayari	Mahusay dahil may pagtatangkang pagsusuri sa banghay ng pangyayari.	Hindi kinakitaan ng pagsusuri sa banghay ng pangyayari.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

ARALIN 3

III. **Panuto:** Bumuo ng wakas na kakikitaan ng paggamit ng mga pahayag na pang-agam gamit ang maikling kuwento na pinamagatang “Kasaysayan”. Isulat ang wakas sa iyong sagutang papel.

RUBRIK SA PAGGAWA NG SARILING WAKAS

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
PAGIGING MALIKHAIN	Nakakitaan ng pagiging malikhain dahil hindi inaasahan ang ginawang hinuha.	Hindi gaanong malikhain at tipikal ang naging hinuha.	Hindi malikhain at halatang minadali ang pagbuo ng hinuha.	
PAGIGING AKMA NG GINAWANG HINUHA SA MGA NAUNANG SITWASYON	Mahusay at akma ang ginawang hinuha sa mga naunang sitwasyon.	Hindi masyadong akma ang ginawang hinuha sa mga naunang sitwasyon.	Hindi akma ang ginawang hinuha sa mga naunang sitwasyon.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				



MODYUL 1

TANDAAN MO



- May iba't ibang elemento ang isang maikling kuwento. Ilan sa mga ito ay ang tauhan, tagpuan, at banghay.
- Ang tauhan ay maaaring pangunahin, katunggali, at kasama. Maaari rin itong mauri bilang tauhang bilog (round character) o tauhang lapad (flat character)
- Ang banghay ay binubuo ng limang bahagi: panimula, pasidhi o pataas na pangyayari, karurukan o kasukdulan, kakalasan o pababang pangyayari, at wakas.
- Ilan sa mga elemento ng pelikula ay ang tauhan, tagpuan, at banghay.
- Ang tauhan sa isang pelikula ay maaaring protagonista o antagonist.
- Ang banghay ng isang pelikula ay maaaring matunghayan gamit ang mga simbolo ng analepsis, prolepsis, at ellipsis.
- Ang pagbubuod o paglalagom ay pinaikling bersiyon ng isang orihinal na teksto at nagtataglay ng lahat ng mahahalagang sangkap ng orihinal na akda.





- Ang paghihinuha o inferring ay maaaring maisagawa sa tulong ng dating karanasan, dating nalalaman ng isang mambabasa sa katangian o anyo ng materyales. Gumagamit ng mga pang-abay na pang-agam gaya ng marahil, tila, wari, baka, at siguro upang ipahayag ito.





MODYUL 1

PAGTATAYA

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kuwento na pinamagatang Kasaysayan ni Joshua Morante. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na tanong ukol dito.

KASAYSAYAN

JOSHUA MORANTE

Kahit kalaliman na ng gabi, patuloy sa pagsusumikap si Gimba Gagamba na mahabi at maikabit ang mga madikit niyang sinulid sa talim ng mga dahon. Nabibigatan man sa tiyan, patuloy pa rin siya sa pagsirko-sirko, paglipat-lipat sa mga dahon, may mailaman lang kinabukasan sa mga namumuong munting buhay sa sinapupunan. Habi dito, habi doon, kahit na tila gusto nang humiga ng maliliit niyang talukap sa mata ay kinakalimutan niya na muna. Dahil sa kaniya, ang pinakamahalaga ngayon ay maihanda ang bitag, nang may makain kinabukasan.

Kinaumagahan, habang nagtatago sa ginawang bahay-bahayan na yari sa mga dahon. Nagulat si Gimba Gagamba nang may gumalaw sa bandang daliri niya na konektado sa niyaring bitag. Nagtaasan bigla ang balahibo ni Gimba Gagamba sa bilugan niyang katawan! Agad agad, ini-angat niya ang kaniyang mukha nang matanaw ang pinaghirapang patibong. Sa galak, halos magsiritan ang mga lason sa kaniyang nangangati nang bibig. At simbilis ng kidlat, sinagpang ni Gimba Gagamba ang nahuling paruparo.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
 - a. May akda
 - b. Gimba Gagamba
 - c. Paruparo
 - d. Joshua Morante
2. Agad-agad, iniangat niya ang kaniyang mukha nang matanaw ang pinaghirapang patibong. Anong elemento ang tinutukoy sa pahayag?
 - a. tauhan
 - b. tagpuan
 - c. banghay
 - d. suliranin

3. Nagpatuloy sa paghabi hanggang maikabit niya ang sinulid sa talim ng mga dahon. Anong elemento ng kuwento ang binabanggit sa pahayag?
- a. tagpuan
 - b. banghay
 - c. tauhan
 - d. suliranin
4. Sa galak, halos magsiritan ang mga lason sa kaniyang nangangati ng bibig. Anong elemento ng maikling kuwento ang inilalarawan sa pahayag?
- a. tauhan
 - b. banghay
 - c. suliranin
 - d. tagpuan
5. “Marahil magdudulot ng malakas na pag-ulan ang masamang panahon?” Alin sa pahayag ang pang-abay na pang-agam?
- a. masama
 - b. malakas
 - c. marahil
 - d. pag-ulan
6. Ang maayos na paggamit ng tunog at pag-iilaw ay nagbubunga nang mainam sa isang pelikula. Anong elemento ng pelikula ang tinutukoy sa pahayag?
- a. tagpuan
 - b. tauhan
 - c. banghay
 - d. panimula
7. Ang analepsis, prolepsis, at ellipsis ay mga katawagang ginagamit sa elementong ito ng pelikula.
- a. banghay
 - b. tauhan
 - c. suliranin
 - d. tagpuan

MODYUL 1

8. Ito ang pinaikling bersiyon ng isang mahabang teksto/akda at nagtataglay pa rin ng mahahalagang sangkap ng orihinal.
- a. panimula
 - b. hinuha
 - c. buod
 - d. panghuhula
9. Ang tawag sa pangunahing tauhan sa pelikula ay:
- a. antagonist
 - b. protagonist
 - c. artista
 - d. kontrabida
10. Alin sa sumusunod ang hindi naglalarawan sa isang antagonist?
- a. kontrabida sa pangunahing tauhan
 - b. madalas ay katunggali ng protagonist
 - c. balakid sa mga gawain ng pangunahing tauhan
 - d. sentro ng mga pangyayari sa pelikula

SUSI SA PAGWAWASTO

SUBUKIN

PAHINA 5

1. D
2. A
3. B
4. D
5. A
6. B
7. D
8. A
9. B
10. A
11. Ibinahagi ni Gino ang kaniyang mga laruan at damit sa mas nangangailangan.
12. Nahulog/ natumba sa bisikleta si Jennica at siya ay nasaktan dahil dito.
13. Siya ay nakapasa at nakakuha ng mataas na grado. Siya rin ay nakapagtapos ng pag-aaral.
- 14-15. Minana ni Juancho ang gawain/trabaho sa kabukiran.

ARALIN 1: MGA ELEMENTO NG KUWENTO

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 25

Pamagat: Tsikot

Mga Tauhan: Niko Meka, Tsikot, at ang may-ari kay Tsikot

Mga Banghay ng Pangyayari:

Pangunahing Pangyayari:

Pagsasalaysay ng pang-araw-araw na biyahe ni Tsikot at ang kaniyang mga karanasan mula sa iba't ibang tao na sumasakay sa kaniya.

Pasidhi o Pataas na Pangyayari:

Pagpunta niya kay Niko Meka upang magpagarahe ay kaniyang naramdaman na tila ba wala na siyang iba pang pakinabang sa mundo kundi ang sakyan ng mga tao at magdulot ng kasiyahan at ginhawa sa kanila.

SUSI SA PAGWAWASTO

Karurukan/Kasukdulan:

Naiinggit siya sa mga sasakyan na tila ba hindi nababahiran ng problema at kahirapan.

Kakalasan o Pababang Pangyayari:

Tinanggap na niya na binuo siya para magbigay-saya sa ibang tao ngunit nais na niyang magpahinga at nais niyang magkaroon ng taong tatanggap sa kaniya bilang permanenteng pagseserbisyuhan.

Wakas:

Ibinigay siya kay Neko Meka na siyang bago niyang pagseserbisyuhang amo.

GAWAIN II

PAHINA 26

- | | |
|------|------|
| 1. B | 6. G |
| 2. A | 7. F |
| 3. H | 8. I |
| 4. D | 9. J |
| 5. E | |

ISAGAWA

PAHINA 29

Pamagat: Baka Sakali

Mga Tauhan: Felix at ang HR ng TV Network

Tagpuan: Ang kuwento ay naganap sa restawran at opisina ng HR ng TV Network.

Pangunahing Pangyayari: Masayang sumandal si Felix sa upuan ng restawran dahil inaalala niya ang panayam sa kaniya sa loob ng opisina ng HR ng TV Network.

Pasidhi o Pataas na Pangyayari: Iniisip niya na siya ay matatanggap dahil sa naging trato sa kaniya ng HR habang siya'y kinakapanayam. Pumasok sa kaniyang isipan na tatanggapin siya dahil mukhang tipo siya ng HR at ire-rekomenda siya nito sa mga boss.

Karurukan/Kasukdulan: Biglang tumunog ang kaniyang cellphone at siya ay may nakitang mensahe galing sa HR, hindi na niya ito tinapos basahin dahil hindi niya matanggap ang nilalaman ng mahabang mensahe na nakasulat sa Ingles.

Kakalasan o Pababang Pangyayari: Nalaman niya na hindi siya nakapasa sa ibinigay na standardized Test.

Wakas: Itatabi na lamang ang kaniyang data para kung sakaling magkaroon ulit ng bakanteng posisyon ay matingnan ito.

Buod: Sumubok mag-aplay si Felix sa isang TV Network at siya naman ay kinapanayam ng kompanya. Malakas ang kaniyang kutob na siya ay matatanggap dahil bukod sa siya ay natipuhan ng HR, siya rin ay pinangakuan na irerekomenda sa mga boss. Nagulat na lamang siya nang biglang tumunog ang kaniyang telepono dahil sa natanggap na mensahe. Siya raw ay hindi nakapasa sa standardized test kaya naman hindi siya maipapasok sa trabaho na kaniyang inaplayan. Itatabi na lamang umano ang kaniyang mga requirement kung sakaling may susunod na pagkakataon.

ARALIN 2: MGA ELEMENTO NG PELIKULA

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 43

Pamagat: Musika Ko

Mga Tauhan:

Darren - Musikero na mataas ang pangarap para sa kaniyang talento at nais niya maipahayag ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng mga kantang kaniyang isinusulat.

Gale - Kaibigan ni Darren na walang sawang nagbibigay ng payo sa kaniya tungkol sa pag-aaral at pagsusulat ng kanta.

Mikee - Boyfriend ni Gale na seloso at mapang-abuso.

Banghay ng Pangyayari

Pangunahing Pangyayari: Nakita ni Gale na maagang nagising si Darren ngunit umamin ang binata na hindi siya natulog dahil nagsulat siya ng kanta ngunit binigyan niya ng kasiguraduhan ang dalaga na siya ay papasok ng eskuwelahan.

Pasidhi o Pataas na Pangyayari: Nag-uusap si Darren at Gale tungkol sa pagsulat ng kanta hanggang sa umabot ito sa pagpuna ni Darren sa ginagawa ni Gale, umamin ang dalaga na ang ginagawa niyang takdang aralin ay hindi sa kaniya kundi kay Mikee.

Karurukan/Kasukdulan: Nag-away si Gale at si Mikee dahil sa pagiging seloso nito sa kaibigan. Dahil sa sobrang kalungkutan dulot ng away, kinantahan ni Darren si Gale habang nagmumukmok ito. Kasabay ng pagkanta ay ang pagyaya ni Darren kay Gale na pumunta sa kaniyang

SUSI SA PAGWAWASTO

gig. Noong nasa gig na ay nakita ni Darren na may kasamang babae si Mikee kaya sinundan niya ito at kinompronta, mariin niyang pinagtanggol si Gale at sa hindi inaasahang pagkakataon ay nasa likod pala ni Darren si Gale at narinig niya ang lahat. Tumakbo ang dalaga dahil sa labis na galit at kalungkutan. Noong subuking habulin ni Mikee si Gale ay agad siyang pinigilan ni Darren ng suntok.

Kakalasan o Pababang Pangyayari: Nagmukmok si Gale sa kaniyang kwarto at kinaumagahan nakita niya ang isang laptop at CD na naglalaman ng mga kanta na isinulat ni Darren at ang mensahe para sa dalaga.

Wakas: Pinakinggan ng dalaga ang kanta at nakaramdam ng tuwa at kilig sa binata.

ARALIN 3: PAGHIHINUHA AT PAGWAWAKAS NG KUWENTO

TUKLASIN

PAHINA 49

1. Si Pedro ay dinapuan ng sipon dahil sa pagligo niya sa ulan.
2. Binigyan ni Sheng ng pagkain ang bata dahil hindi pa ito kumakain.
3. Naging magkaibigan si Marco at ang babae na kaniyang nakatabi.

PAGTATAYA

PAHINA 65

- | | |
|------|-------|
| 1. B | 6. A |
| 2. C | 7. A |
| 3. A | 8. C |
| 4. A | 9. B |
| 5. C | 10. D |

TALAHULUGAN

Akda	isang komposisyon ng kuwento, dokumento, artikulo, o kanta.
Analepsis	simbolong ginagamit para mabalikan ang naunang pangyayari (<i>flashback</i>) sa isang pelikula
Antagonista	katunggali o kontrabida sa pangunahing tauhan sa isang kuwento o pelikula
Balangkas	ay ang tama, maayos, at organisadong pagkakahanay-hanay ng mga impormasyon tungkol sa isang ideya.
Banghay	kawing-kawing na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o eksena sa isang kuwento o pelikula
Buod	pinaikling bersiyon ng anumang teksto o babasahin.
Ellipsis	simbolong ginagamit na nagpapakita ng mga paglalaktaw/ patlang sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari
Paksa	ang pangunahing ideya ng akda at pelikula
Pasidhi	patinding kilos ng mga tauhan kung saan nagkakaroon ng problema na kailangang lutasin.

TALAHULUGAN

Prolepsis	simbolong ginagamit upang mabilisang matunghayan (<i>flash forward</i>) ang kasunod na pangyayari
Protagonista	pangunahing tauhan o ang bida sa isang maikling kuwento o pelikula
Tagpuan	tumutukoy sa petsa, oras, panahon o klima, at lugar na pinangyarihan ng mga pangyayari sa isang kuwento o pelikula

SANGGUNIAN

But, A. at Nabayo, R., 2018. Karlo's Eatery. [video] mula sa: <
<https://www.facebook.com/watch/?v=206409910150030?>

Cabrera, Giselle. "Tsikot". hindi nailathala, w.p, typescript

Cabrera, Kevin, 2020. Tekstong-Naratibo. [online] Academia.
edu. Available at: <[https://www.academia.edu/35368207/
Tekstong_naratibo](https://www.academia.edu/35368207/Tekstong_naratibo)>

Coursehero.com. 2020. [online] mula sa:
[https://www.coursehero.com/file/p5p90p9/8-Pagbuo-ng-lagom-
at-kongklusyon-Ang-lagom-o-buod-ang-pinakapayak-na-
anyo-ng](https://www.coursehero.com/file/p5p90p9/8-Pagbuo-ng-lagom-at-kongklusyon-Ang-lagom-o-buod-ang-pinakapayak-na-anyo-ng)

Desable, Kim. "Pagsusuri ng Akdang Pampanitikan", February 26,
2016. [https://www.slideshare.net/kimdesabelle/pagsusuri-
ng-akdang-pampanitikan](https://www.slideshare.net/kimdesabelle/pagsusuri-
ng-akdang-pampanitikan)

Francisco, Chinita Ann. "Walang Titulo". hindi nailathala, w.p,
typescript

Aragon, Angelita L. 1986. Mga Alamat at Iba Pang Mga Kuwento
(Legends and Other Stories). Quezon City: Tru-Copy
Printing Press.

Gynzy. "4 Sequence Story Picture" Websayt. w.p. <https://www.gynzy.com/teach/en/library?q=sequence%20stories>

SANGGUNIAN

Lacanilao, C. at Dizon, J., 2017. Biyaheng Barkada. [video] mula sa: <<https://www.facebook.com/SuluProductions/>>

Musika Ko. 2018. [video]mula sa:<<https://www.facebook.com/SuluProductions/videos/1806605382715570//>>

“Mga Bahagi ng Maikling Kuwento”, August 13, 2013. <https://www.scribd.com/doc/159144715/Mga-Bahagi-Ng-Maikling-Kwento>.

Montesur, Claire. “Paghihinuha at Paghuhula sa Kalalabasan ng Pangyayari”, Nobyembre 12, 2012. <https://prezi.com/bfsp3339nnqr/paghihinuha-at-paghuhula-sa-kalalabasan-ng-pangyayari/>.

Morante, J . “Baka Sakali”. hindi nailathala, wp. typescript” Kasaysayan”. hindi nailathala, wp. typescript

Tan A. “Pagbibigay ng Angkop na Wakas”. Disyembre 12, 2017. <http://teacherabiworksheets.blogspot.com/2017/12/filipino-pagbibigay-ng-angkop-na-wakas.html>

TBA Studios. “CineScript: Heneral Luna”. Mayo 25, 2020. <https://www.youtube.com/watch?v=PBT-qSm-gJs&t=8s>

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrp@deped.gov.ph